

Ano ang herd immunity



Ang Herd immunity ay nangyayari kung karamihan sa mga tao sa komunidad ay immune na sa isang nakakahawang sakit, nangangahulugan ito na maaari na silang makisalamuha sa ibang maysakit at hindi na mahahawa. Ang mga tao ay puwedeng maging immune alinman sa pagkahawa sa sakit o sa **pagpapabakuna**.

Katotohanan tungkol sa herd immunity

- Sa sakit gaya ng COVID-19, ang herd immunity ay **nagpapahirap sa virus na makakita ng taong** mahahawaan.
- Ang pagbabakuna ay ang **pinakamabuting paraan** para makuha ang immunity na ito.
- **Mapoprotektahan nito ang mga taong hindi mababakunahan**, tulad ng mga taong sobrang bata, may mahinang immune system, o may allergy sa bakuna.
- May mga taong magkakasakit pa rin kahit na may herd immunity. Ang **panganib sa outbreak** ay mas mataas sa mga lugar na **mas kakaunti ang mga taong** nabakunahan.
- Ang mga pag-aaral ay magpapatuloy para matulungan tayong **malaman pa** ang tungkol sa COVID-19 **sa paglipas ng panahon**.



Magpapabakuna ka

- Ang bakuna sa COVID-19 ay napatunayan ng **ligtas at mabisa** sa pag-iwas sa malalang sakit.
- Kung **mas maraming taong** magpapabakuna sa COVID-19, mas **mabuti** ito para sa lahat.
- Hindi pa nalalaman kung gaano katagal mananatiling immune ang isang tao pagkatapos nilang gumaling sa COVID-19 o pagkatapos magpapabakuna.

Hanggang sa maabot natin ang herd immunity

- Ipagpatuloy ang **pagsusuot ng mask sa loob at labas** kung nasa paligid ka ng mga taong hindi mo kasama sa bahay.
- Manatili ng **kahit 6 talampakan ang layo** mula sa ibang tao.
- **Lumayo sa mga** matataong lugar.
- Hugasan ang iyong mga kamay ng **madalas**.
- Magpapabakuna **kung panahon mo na sa bakuna**.

Ang layunin ng Virginia para makatulong sa pag-abot ng herd immunity ay **bakunahan ang lahat na gustong magpapabakuna at puwedeng** makatanggap nito ng kahit **75% sa mga taong edad 16 taon pataas**.



Mag-sign up para sa iyong **libreng** bakuna sa COVID-19. Alamin pa sa **Vaccinate.Virginia.gov** o tumawag sa **1-877-829-4682**.



VDH VIRGINIA
DEPARTMENT
OF HEALTH